Mensahe Pito

## Ang Dalawang Aspekto ng Kumpletong Pagliligtas ng Diyos—<br>Pambatas na Pagtutubos Kasama ang Organikong Pagliligtas

Babasahin sa Kasulatan: Roma 5:10, 21; Juan 1:12-13; 1 Ped. 2:25; Roma 6:19, 22; 2 Cor. 4:16, 3:18; Efe. 4:15-16; Roma 8:28-29; Fil. 3:20-21

**I. Ang kumpletong pagliligtas ng Diyos ay sa dalawang aspekto—ang pambatas na aspekto at ang organikong aspekto—Roma 5:10, 21; Juan 1:12-13; 1 Ped. 2:25; Roma 6:19, 22; 2 Cor. 4:16; 3:18; Efe. 4:15-16; Roma 8:28-29; Fil. 3:20-21:**

A. Ang pambatas na aspekto ng pagliligtas ng Diyos ay obhektibong naisakatuparan ni Kristo sa Kanyang laman sa pisikal na kinasasaklawan ng panlupang ministeryo ni Kristo—Juan 1:14; Col. 1:22:

1. Ito ay ayon sa katuwiran ng Diyos—Roma 1:17a; 3:21-26; 9:30-31.
2. Ito ay sa pamamagitan ng pagtupad ng Diyos sa lahat ng kahilingan ng Kanyang matuwid na kautusan sa mga makasalanan sa pamamagitan ng nagtutubos na kamatayan ni Kristo sa krus—Gal. 3:13; 1 Ped. 2:24; 2 Cor. 5:21; Heb. 9:12.
3. Isinagawa ni Kristo ang Kanyang panlupang ministeryo sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng pambatas na pagtutubos ng Diyos na may mga sumusunod na resulta:
   a. Ang kapatawaran ng mga kasalanan ng mga mananampalataya—Luc. 24:47; Efe. 1:7.
   b. Paghuhugas sa mga kasalanan ng mga mananampalataya—Heb. 1:3.
   c. Pag-aaring matuwid sa mga mananampalataya—Roma 3:24-25.
   d. Pakikipagkasundo ng mga mananampalataya, na mga kaaway Niya, sa Kanyang sarili—5:10a.
   e. Pagpapabanal sa mga mananampalataya sa kanilang katayuan tungo sa Kanyang sarili bilang Kanyang banal na bayan—1 Cor. 1:2; Heb. 13:12; 10:29.

B. Ang pambatas na pagtutubos ng Diyos ay ang pamamaraan ng kumpletong pagliligtas ng Diyos upang makalahok ang mga mananampalataya sa organikong pagliligtas ng Diyos bilang layunin ng kumpletong pagliligtas ng Diyos—Roma 5:21.

C. Ang lahat ng aytem sa organikong pagliligtas ng Diyos ay isinasagawa hindi ni Kristo sa laman sa Kanyang panlupang ministeryo sa pambatas at sa pang-obhektibo kundi ni Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay sa Kanyang makalangit na ministeryo sa pang-organiko at pansubhektibo—1 Cor. 15:45b.

**II. Ang organikong aspekto ng pagliligtas ng Diyos ay subhektibong isinasagawa ni Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay sa dibino at mistikong kinasasaklawan ng makalangit na ministeryo ni Kristo sa mga sumusunod na walong hakbang:**

A. Ang pagsisilang na muli ang sentro ng kumpletong pagliligtas ng Diyos at ang pasimula ng pagliligtas ng Diyos sa organikong aspekto nito:

1. Ito ay ang pagpapalaganap ng dibinong buhay sa pamamagitan ng pamamahagi ng buhay ng Diyos tungo sa mga mananampalataya upang maisilang na muli at malikhang muli ang mga natubos na mananampalataya sa kanilang espiritu sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos—Juan 3:6b.

2. Ito ay sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Kristo upang maipamahagi Niya ang Kanyang buhay tungo sa mga mananampalataya bilang awtoridad upang sila ay maging mga anak ng Diyos, isinilang ng Diyos bilang Kanyang mga kauri—1 Ped. 1:3; Juan 1:12-13.
3. Sa pamamagitan ng pagkasilang na muli, nataglay ng mga mananampalataya ang walang hanggan, dibinong buhay ng Diyos karagdagan sa kanilang natural, pantaong buhay—3:15, 36.

B. Ang pagpapakain sa pagpapastol ay ang pagpapakain ng dibinong buhay:
1. Ang pagpapakain ay ang pagpapatuloy ng pagkasilang na muli sa pamamagitan ng pagpapastol ni Kristo sa Kanyang kawan sa pamamagitan ng pagpapakain at pagkakandili upang lumago ang Kanyang mga tupa sa dibinong buhay hanggang sa paggulang—Efe. 5:29; Juan 10:10-11, 14-16; 21:15-17; Heb. 13:20; 1 Ped. 5:4; 2:25.
2. Pinalulusog ng pagpapakain ang mga bagong silang na sanggol (mga bagong mananampalataya) upang sila ay unti-unting lumago at maligtas sa pamamagitan ng panustos ng gatas sa salita ng Diyos—b. 2.
3. Ang pagpapakain ay nagreresulta sa paggulang ng mga mananampalataya sa dibinong buhay hanggang sa transpormasyon at pagkawangis sa larawan ni Kristo—2 Cor. 3:18; Roma 12:2; 8:29.
4. Ang pagpapakain ay sa pamamagitan din ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng mutuwal na pagpapastol para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos at sa pagsasagawa ng walang hanggang layunin ng Diyos—Efe. 4:11-16; Juan 21:15-17; 1 Ped. 5:2-3.

C. Binubuoan ng pandisposisyong pagpapabanal ang mga mananampalataya ng dibinong kalikasan:
1. Ito ay isang panloob na pagpapabanal sa mga mananampalataya na mga lumalago sa dibinong buhay sa pamamagitan ng paggawa ng Espiritu Santo, ng Espiritu ng buhay, sa kanilang disposisyon—Roma 15:16; 8:2.
2. Ang mga mananampalataya ay napababanal ng dibino, banal na kalikasan ng Diyos upang sila ay maging banal tungo sa Diyos at sa gayon ay matupad ang layunin ng Diyos sa pagpili sa kanila—2 Ped. 1:4; Efe. 1:4.
3. Ang pandisposisyong pagpapabanal ay nagpapahiwatig ng transpormasyon—Roma 6:19, 22.
4. Ang pagpapabanal ay sukdulang mahahayag sa Bagong Herusalem bilang banal na lunsod—Apoc. 21:2.

D. Ang pagpapabago ay ang proseso ng bagong paglikha ng Diyos:
1. Kusang-kusang napababago ang mga mananampalataya kapag sila ay napababanal ng Espiritu Santo—2 Cor. 5:17.
2. Ang pagpapabago ay ang pagpapatuloy ng paghuhugas ng pagkasilang na muli at batay sa nagpapatuloy na proseso ng pagpapabanal, ginagawang bago ang mga mananampalataya.
3. Ang pagpapabago ay naisasagawa:
    a. Sa pamamagitan ng pagkikipaghalo ng nagpapabagong Espiritu sa naisilang na muling espiritu ng mga mananampalataya na pinananahanan ni Kristo bilang isang espiritu upang lumaganap tungo sa kaisipan ng mga mananampalataya

© 2023 Living Stream Ministry

upang pabaguhin ang kanilang buong katauhan bilang isang sangkap ng bagong tao—Tito 3:5; Efe. 4:23.

   b. Sa pamamagitan ng paglakad ng mga mananampalataya sa kabaguhan ng buhay sa pagkabuhay na muli—Roma 6:4; Efe. 4:22-24; Fil. 1:19-21.

4. Ang pagpapabago ay sa pamamagitan ng pagtupok sa pamamagitan ng mga pagdurusa sa kapaligiran ng mga mananampalataya—2 Cor. 4:16.
5. Kailangang lubusan at ganap na mapabago ang mga mananampalataya upang sila ay praktikal na maging tunay na bagong nilikha ng Diyos at para sa Diyos—Gal. 6:15.
6. Sinasanhi ng pagpapabago na maging kasingbago ng Bagong Herusalem ang mga mananampalataya—Apoc. 21:2.

E. Ang transpormasyon ay ang metabolikong proseso sa dibinong buhay:

1. Tinatransporma ng prosesong ito ang buong katauhan ng mga mananampalataya, simula sa pagpapabago ng kaisipan, upang lubusan silang makalahok sa pagkadibino ng Diyos—Roma 12:2b.
2. Hindi ito anumang uri ng panlabas na pagtatama o pagwawasto kundi isang uri ng metabolismo, sa pamamagitan ng pagdaragdag ng elemento ng dibinong buhay ni Kristo tungo sa kanilang katauhan, upang panlabas na mahayag sa larawan ni Kristo.
3. Isinasakatuparan ito ng Panginoong Espiritu (ang malahanging Kristo) na tinatransporma ang mga mananampalataya tungo sa larawan ng kaluwalhatian ni Kristo—2 Cor. 3:18.
4. Dapat mamuhay at lumakad ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng Espiritu (Gal. 5:16, 25) at lumakad ayon sa pinaghalong espiritu (Roma 8:4b), upang ang dibinong buhay ni Kristo ay magkaroon ng daan na regulahan sila at transpormahin sila tungo sa larawan ng Panginoon sa kaluwalhatian.

F. Ang pagtatayo ay ang sama-samang paghuhugpong at paglalakip sa dibinong buhay:

1. Naibubunga ang pagtatayo ng Diyos sa pamamagitan ng sama-samang paghuhupong at paglalakip ng paggawa ng nagtatranspormang Espiritu sa mga mananampalataya—Efe. 4:16.
2. Ito ay ang bunga ng paglago ng mga mananampalataya tungo sa Ulo, si Kristo, sa lahat ng bagay—b. 15; Col. 2:19.
3. Ito ang pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang pagtatayo ng banal na lunsod, ang Bagong Herusalem—Efe. 4:16; Apoc. 3:12; 21:10-11.

G. Ang pagwawangis ay ang paggulang sa dibinong buhay:

1. Ang pagwawangis ay ang kasukdulan ng pagkasilang na muli, pagpapakain, pagpapabanal, pagpapabago, at transpormasyon ng mga mananampalataya sa dibinong buhay—Roma 8:28-29.
2. Ang pagwawangis ay kapag gumulang sa dibinong buhay ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng nagpapagulang na Espiritu sa kanilang espiritu na napagyaman ni Kristo upang maging isang ganap na lumagong tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo—Col. 1:28; Efe. 4:13.
3. Ang pagwawangis ay ang maiwangis sa larawan ng panganay na Anak ng Diyos—Fil. 3:10; 1:19-21a; 1 Juan 3:2.

H. Ang pagluluwalhati ay ang ganap na kahayagan ng kumpletong pagliligtas ng Diyos:

1. Tinatatakan ng Diyos sa pagkasilang na muli ang mga naisilang na muling mananampalataya ng Kanyang Espiritu hanggang sa araw ng pagtutubos—Efe. 1:13; 4:30.
2. Maluluwalhati ang mga gumulang na mananampalataya mula sa loob sa pamamagitan ng pang-habambuhay na pagtitigmak ng kaluwalhatian ng Diyos at mula sa labas sa pamamagitan ng kanilang pagiging nadala tungo sa kaluwalhatian ng Diyos—b. 30; 2 Tes. 1:10; Roma 8:23, 30; Heb. 2:10.
3. Ang pagluluwalhati ng mga gumulang na mananampalataya ay ang pinakamataas na bahagi ng kanilang dibinong pagkaanak sa organikong pagliligtas ng Diyos, na kanilang natanggap sa panahon ng kanilang pagkasilang na muli—Gal. 4:5; Roma 8:23.
4. Ang pagtutubos ng katawan ng mga mananampalataya ay ang pagbabagong anyo ng kanilang katawan sa pagbabalik ng Panginoon—Fil. 3:20-21.
5. Sa pamamagitan ng pagluluwalhati, naisasarealidad ng Diyos ang katuparan ng Kanyang walang hanggang layunin—ang Bagong Herusalem—ang pagpapakristal ng pakikipag-isa at pakikipaghalo ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos sa Kanyang isinilang na muli, tinransporma, iwinangis, at niluwalhating hirang na may tatlong bahagi.

**III. Ang gol ng Diyos sa walong seksiyong ito ng Kanyang organikong pagliligtas ay walang iba kundi ang gawin tayong Diyos sa buhay, sa kalikasan, at sa kahayagan subalit hindi sa pagka-Diyos, yaon ay, ang gawin tayong isang duplikasyon, isang kopya, ng Diyos; "ang Espiritu Mismong nasa ating espiritu" ang lihim ng organikong pagliligtas ng Diyos:**

A. Isinisilang na muli tayo ng nagpapasibol na Espiritu sa ating espiritu, na binuhay ni Kristo, binibigyan tayo ng awtoridad na maging mga anak ng Diyos, isinilang ng Diyos.
B. Pinakakain tayo ng nagpapakaing Espiritu sa ating espiritu ng espiritwal na gatas ng salita upang lumago tayo sa ikaliligtas.
C. Pinababanal tayo ng nagpapabanal na Espiritu mula sa ating espiritu, na nabighani ni Kristo, sa pamamagitan ng kalikasan ng Diyos, ginagawa tayong banal tungo sa Diyos.
D. Pinababago tayo ng nagpapabagong Espiritu, na pinananahanan ni Kristo, upang maibihis natin ang bagong tao sa pamamagitan ng pagbasag ng krus.
E. Tinatransporma tayo ng nagtatranspormang Espiritu sa ating espiritu, na pinuspos ni Kristo, tungo sa maluwalhating larawan ni Kristo para sa Kanyang kahayagan.
F. Itinatayo tayo ng nagtatayong Espiritu sa ating espiritu, na inangkin ni Kristo, tungo sa bahay ng Diyos at sa Katawan ni Kristo para sa Kanilang tahanan.
G. Iwinawangis tayo ng nagpapagulang na Espiritu sa ating espiritu, na pinagyaman ni Kristo, sa larawan ni Kristo, ang panganay na Anak ng Diyos—ang modelo ng mga anak ng Diyos.
H. Tinitigmakan tayo ng nagtatatak na Espiritu sa ating espiritu, na nagagalak kay Kristo, ng kaluwalhatian at dinadala tayo sa kaluwalhatian ng Diyos para sa ating pagluluwalhati.

*© 2023 Living Stream Ministry*